# PYRAZINAMIDE
# PYRAZINAMIDE

Ang Pyrazinamide ay isang antibiotic na ginagamit lamang upang gamutin ang tuberkulosis (TB).

**Kailan ko ito dapat inumin? (When should I take this?)**
- Inumin ang gamot na ito sa parehong oras bawat araw. Makakatulong ito sa iyo na matandaang inumin ang gamot.

**Paano ko ito dapat inumin? (How should I take this?)**
- Mahalagang-mahalagang inumin mo nang regular ang gamot na ito.
- Inumin ito tulad ng iniutos ng iyong doktor.

**Ano ang dapat kong gawin kung nakaligtaan ko ang isang dosis? (What should I do if I miss a dose?)**
- Kung nakaligtaan mo ang isang dosis, inumin ang dosis na iyon oras na natandaan mo. Pero kung halos panahon na para sa dosis ng sumusunod na araw, laktawan ang nakaligtaang dosis.
- **Huwag doblehin ang dosis.**

**Mayroon ba akong dapat iwasan habang iniinom ko ito? (Is there anything I should avoid when taking this?)**
- Alak
- Iwasan ang **sobrang pagkalantad sa sikat ng araw** o artificial UV light (hal., sunlamps o tanning beds) habang iniinom ang gamot na ito. Gumamit ng sunscreen at magsuot ng mga kasuotang nagbibigay ng proteksyon.

Sabihin sa iyong doktor at parmasyotiko kung umiinom ka ng **anumang ibang mga gamot**, kabilang ang anumang mga produkto na nabibili nang walang reseta.

**Ano ang ilan sa mga posibleng side effects? (What are some possible side effects?)**
- kirot o pamamaga ng mga kasu-kasuan

**Mag-ingat (Caution): Tawagan kaagad ang iyong doktor o nars kung nakakaranas ka ng alinman sa mga sumusunod na sintomas:**


Provincial Health Services Authority
Province-wide solutions. Better health.
Tagalog
ACCREDITED • AGRÉÉ • CCHSA • CCASS
*A research and teaching centre affiliated with UBC*

# **PYRAZINAMIDE** (pagpapatuloy)
## **PYRAZINAMIDE** (cont'd)

- di-karaniwang pagkapagod o kahinaan
- lagnat
- kawalan ng ganang kumain
- alibadbad (parang masusuka)
- sira ang tiyan o diarrhea
- madilim na kulay ng ihi
- paninilaw ng balat o mga mata
- pangangati ng balat o singaw sa balat

**Sabihin sa iyong doktor kung may nararanasan kang anumang 'di-karaniwang sintomas na hindi binanggit sa information sheet na ito.**

**Ano pa ang dapat kong malaman tungkol sa pag-inom ng Pyrazinamide? (What else do I need to know about taking Pyrazinamide?)**

- Mahalagang magpunta ka sa lahat ng **mga lab test** na iniutos ng iyong doktor at na puntahan mo ang lahat ng iyong **mga appointment** sa iyong doktor o nars.
- Sabihin sa iyong doktor kung ikaw ay mayroon ng alinman sa **mga kondisyon** na ito: malubhang gout, sakit sa atay, madalas na pag-inom ng alak
- Sabihin sa iyong doktor kung ikaw ay **buntis**, nagplaplanong magbuntis, o kung nais mong **pasusuin** ang iyong sanggol.

**Saan ko dapat itago ang gamot na ito? (Where should I store this medication?)**

- Ilayô ito sa maaabot ng mga bata
- Protektahan ito mula sa liwanag
- Itago sa temperatura ng kuwarto sa isang malamig at tuyong lugar.

**Saan ako tatawag kung ako'y mayroong ibang mga katanungan? (Where do I call if I have any other questions?)**

Ang iyong doktor, clinic, o Public Health Unit: ___________________________________

| | |
|---|---|
| Vancouver TB Services Clinic: | 604-707-2692 |
| New Westminster TB Services Clinic: | 604-707-2698 |
| BCCDC Vaccine and Pharmacy Services: | 604-707-2580 |



Provincial Health Services Authority
Province-wide solutions.
Better health.
ACCREDITED • AGRÉÉ • CCHSA • CCASS
*A research and teaching centre affiliated with UBC*